Funabashi City

# <Pagbabakuna para sa COVID-19>

## Magsisimula na sa pagbabakuna ng Omicron adapted bivalent vaccine




**Para sa pinakabagong impormasyon sa pagbabakuna, mangyaring kumpirmahin ito sa website ng lungsod (code sa kanan) o sa Vaccine Call Center ng lungsod.**

## Mga makakatanggap ng pagbabakuna ng Omicron adapted bivalent vaccine at bakunang gagamitin

- **Ang pagbabakuna para sa orihinal at Omicron variant na COVID-19 ("Omicron adapted bivalent vaccine") ay maaaring ibigay nang isang beses kada tao sa lahat ng mga nasa edad 12 taong gulang pataas na nakakumpleto ng unang (ika-1 at ika-2) pagbabakuna.**

  **Maaaring magpabakuna pagkalipas ng 3 buwan o higit pa mula sa petsa ng nakaraang pagbabakuna para sa COVID-19.**

  Para sa mga hindi pa nakatanggap ng kanilang unang (ika-1 at ika-2) pagbabakuna, maaaring ibigay ang booster shot ng Omicron adapted bivalent vaccine pagkatapos makumpleto ang pagbabakuna gamit ang orihinal na bakuna (*) at pagkalipas ng 3 buwan o higit pa mula nang magpabakuna.

  (*) Monovalent vaccine para sa orihinal na strain ng COVID-19

<Pagbabakuna ng Omicron adapted bivalent vaccine>

| | Mga makakatanggap ng ika-1 at ika-2 pagbabakuna | Mga maaaring makatanggap ng ikatlo o higit pang pagbabakuna | |
|---|---|---|---|
| Pfizer vaccine [BA.1 component/BA.4-5 component] | Hindi maaaring gamitin | 12 taong gulang pataas | Maaari |
| Moderna vaccine [BA.1 component/BA.4-5 component] | Hindi maaaring gamitin | 12 taong gulang pataas | Maaari |

# Paraan ng reserbasyon para sa pagbabakuna

Maghanap ng medikal na institusyon o mass vaccination site kung saan maaaring magpabakuna sa website ng lungsod.

| | |
|---|---|
| **Medikal na institusyon sa loob ng lungsod**<br><br>**Mass vaccination site ng lungsod** | **・Reserbasyon sa pamamagitan ng reservation system (code sa kanan)**<br>**・Tumawag sa Vaccine Call Center ng lungsod**<br>**・Direktang reserbasyon sa medikal na institusyon (telepono o website ng medikal na institusyon at iba pa)**<br>*Magkaiba ang paraan ng reserbasyon sa bawat medikal na institusyon (kumpirmahin ang mga detalye sa website ng lungsod) |

*Para sa mga hindi ma-view ang reservation system ng lungsod, mangyaring makipag-ugnay sa Vaccine Call Center ng lungsod.
*Kung magtatanong sa medikal na institusyon, mangyaring makipag-ugnay sa loob ng office hours.

## Mga dadalhin sa araw ng pagbabakuna

・Vaccination voucher at pre-vaccination screening questionnaire (kumpirmahin ang nakapaloob na paliwanag ng bakuna bago punan nang maaga)
・Dokumento ng pagkakakilanlan (Individual Number Card (My Number Card), lisensya sa pagmamaneho, health insurance card at iba pa)

*Sukatin ang temperatura ng katawan sa bahay at iba pa bago magpabakuna at kung malinaw na mayroon kang lagnat o masama ang pakiramdam at iba pa, mangyaring umiwas sa pagbabakuna at makipag-ugnay sa Vaccine Call Center ng lungsod o medikal na institusyon kung saan ka nagpareserba.
*Hinihiling namin na pumunta kayo nang nakasuot ng damit na madaling mailabas ang iyong balikat kapag magpapabakuna.
*Ang “Certificate of Vaccination for COVID-19” sa vaccination voucher ay maaaring gamitin bilang Vaccination Certificate of COVID-19, kaya’t mangyaring itago ito.

# Bisa ng Omicron adapted bivalent vaccine

## ■ Inaasahan na mas mabisa ito kaysa sa orihinal na bakuna.

Ang booster shot ng Omicron adapted bivalent vaccine ay naglalaman ng mga component ng Omicron variant, kaya't mas malakas ang induced na immunity na nagbibigay ng resistensya upang labanan ang paglala ng sakit, pagkahawa, at onset ng Omicron variant.

Dahil dito, inaasahan na mas mabisa ito upang **labanan ang paglala ng sakit** kaysa sa orihinal na bakuna, at bagaman maaaring panandalian laman, mabisa ito upang **labanan ang pagkahawa** at **onset** ng Omicron variant.

## ■ Bilang bivalent vaccine, gumagana ito sa iba't ibang variant ng COVID-19.

Dahil mayroon itong dalawang magkaibang antigen, ang induced immunity ay gumagana sa maraming variant ng COVID-19.

Dahil dito, inaasahan na mas **malamang na mas epektibo ito laban sa variant sa hinaharap**.

(*4) Batay ito sa talakayan ng mga eksperto batay sa siyentipokong kaalaman noong Agosto 2022. Maaaring ma-update ito sa hinaharap dahil sa akumulasyon ng kaalaman at iba pa.

# Kaligtasan ng Omicron adapted bivalent vaccine

Sa pharmaceutical approval ng bivalent vaccine ng Pfizer at Moderna, ang parehong bakuna ay nagpakita ng mga sintomas na halos kapareho ng orihinal na bakuna

<Mga sintomas na lumitaw 7 araw pagkatapos ng pagbabakuna> Sanggunian: Mula sa ulat kaugnay ng espesyal na pag-aapruba

| Posyento ng mga taong nagkaroon ng sintomas | Sintomas: Pfizer | Sintomas: Moderna |
|---|---|---|
| 50% o higit pa | Pananakit ng bahagi kung saan nabakunahan | Pananakit ng bahagi kung saan nabakunahan, pakiramdam na pagod |
| 10-50% | Pakiramdam na pagod, pananakit ng kalamnan, pananakit ng ulo, giniginaw, pananakit ng kasukasuan | Pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, pananakit ng kasukasuan, lymphadenopathy, giniginaw, naduduwal o pagsusuka |
| 1-10% | Pagtatae, pamumula, pamamaga, lagnat, pagsusuka | Erythema o pamumula, pamamaga o induration, lagnat |

Sanggunian: Mula sa ulat kaugnay ng espesyal na pag-aapruba

## ◎Kailangan ang pahintulot ng indibidwal upang makatanggap ng bakuna.

Kapag tatanggap ng bakuna, hinihiling namin na magkaroon kayo ng wastong kaalaman tungkol sa bisa na labanan ang pagkahawa sa sakit at pati na rin ang masamang epekto, at magdesisyon ayon sa inyong sariling kagustuhan. Hindi isasagawa ang pagbabakuna nang walang pahintulot ng tatanggap nito.

Bawal pilitin ang mga tao sa pinagtatrabahuhan o paligid at iba pa na magpabakuna, o diskriminahin ang mga hindi nakapagpabakuna.

## ◎Mayroong Relief System for Injury to Health with Vaccination

Ang pagbabakuna ay maaaring maging sanhi ng pinsala sa kalusugan (karamdaman o kapansanan). Bagama't ito ay napakabihira, hindi maaalis ang panganib, kung kaya't itinatag ang relief system.

Mangyaring kumonsulta sa munisipalidad kung saan nakarehistro ang iyong resident card tungkol sa pamamaraan na kinakailangan para sa aplikasyon.

## [Contact Information]

Para sa impormasyon tungkol sa mass vaccination site ng lungsod at reserbasyon sa pagbabakuna sa ilang medikal na institusyon, mga pangkalahatang katanungan tungkol sa pagbabakuna, referral sa medikal na institusyon na nagbibigay ng bakuna sa loob ng lungsod:

**Funabashi City COVID-19 Vaccination and Special Call Center for Consultation (Vaccine Call Center ng lungsod)**

8:00 am - 5:00 pm
(kabilang ang Sabado, Linggo, at holidays)

**Numero ng telepono: 050-5526-1142**

***Mag-ingat na huwag ma-dial ang maling numero**

**Para sa mga may kapansanan at nahihirapang kumonsulta sa telepono**
FAX number: 050-3385-9928
Email address: covid-19.vaccine@funabashicity.jp

*Isang pribadong kontratista na inatasan ng lungsod ang tutugon.